

Na-update: Marso 31, 2020

Ang memorandum na ito ay nagbibigay ng patnubay sa mga bagong kinakailangang pamamaraan na nagmula sa pag-iingat mula sa COVID-19 sa lahat ng mga lisensyado at bagong aplikante mula sa Lokal na Komisyon sa Pagkontrol ng Alak ng Illinois.

**Simula sa Miyerkules, Marso 18, 2020, pansamantalang sususpindihin ng ILCC ang pag-access ng publiko sa mga opisina nito**

**Paglilisensya**

Ang ILCC ay sinimulan ang pagpapatigil ng **personal na pagsumite** sa mga bagong aplikasyon at **personal na pagsumite** sa mga aplikasyon ng pagpapanibago hanggang sa payagan ulit ito. Ang pag-aplay para sa, o pagpapanibago ng iyong Lisensya ng Alak ay magiging limitado sa mga sumusunod na pamamaraan:

**Aplikante sa Unang Pagkakataon– IPADALA LAMANG –Mangyaring i-download at ilimbag ang mga form na matatagpuan sa:**

<https://www2.illinois.gov/ilcc/Pages/Applications.aspx>

**ANG LAHAT NG KOREO AY IPAPADALA SA ADDRESS NA ITO:**

ILCC Chicago Office  
100 W. Randolph St, 7-801  
Chicago, IL 60601

**License Renewal Applicant**

1. Online, pumunta sa <https://www2.illinois.gov/ilcc/Divisions/Pages/Licensing/MyTaxIllinois.aspx>  
**OR**
2. Ipadala sa:  
ILCC Chicago Office  
100 W. Randolph St, 7-801 Chicago,  
IL 60601

**Mga Pagsasauli ng Ibinayad**

Ang pagsasauli ng ibinayad ng mga lisensyado na nabigyan ng State of Illinois Special Event o Special Use Liquor License para sa mga kaganapan na gaganapin sa pagitan ng mga petsang Marso 16, 2020 at Mayo 1, 2020 ay mapoproseso at ibabalik sa pamamagitan ng sumusunod na pamamaraan:

1. Makipag-ugnayan sa ILCC upang humiling ng pagsasauli ng ibinayad para sa iyong kanseladong

- kaganapan sa pagsulat,
2. Isama ang sumusunod na impormasyon ng lisensya sa iyong hiling:
    - a. Pangalan ng Aplikante,
    - b. Numero ng Lisensya,
    - c. (Mga) Petsa ng Kaganapan,
    - d. Numero ng telepono, at
    - e. Email.

### **Pagpapatupad**

Ang mga inspeksyon sa mga establisyemento ng alak ay magpapatuloy para sa kalusugan ng publiko at kaligtasan. Ang mga kinatawan ng ILCC ay makikipag-ugnay sa mga Establisyemento ng Alak upang bumisita sa mga oras na kunti ang tao at gagawa ng mga pag-iingat na iminungkahi ng Centers for Disease Control (CDC) sa pagdating sa bawat lisensyadong establisyemento. Ang mga hakbang na pang-iwas na ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

- Ang paghugas ng panayan sa mga kamay sa loob ng 20 na segundo gamit ang sabon at tubig. Paggamit ng alcohol-based hand sanitizer na naglalaman ng hindi bababa sa 60% na alkohol kapag hindi lagap ang sabon at tubig.
- Iwasan ang paghawak sa mga mata, ilong, at bibig kapag hindi hinugasan ang mga kamay.
- Iwasan ang malapitang pakikipag-ugnay sa mga taong may sakit.
- Pagpapanatili ng 6-talampakan na distansya kapag nasa isang silid kasama ang ibang tao.
- Ang mga kawani ay inuutusang manatili sa bahay kapag nagpapakita ng mga sintomas ng ubo at trangkaso.
- Pagtakip sa bibig at ilong gamit ang braso o ng tisyu kapag umubo o bumahing. Kaagad itapon ang tisyu. Hugasan ang mga kamay pagkatapos sa lalong madaling panahon. Paglilinis at pagdidisimpekta sa madalas hawakang mga bagay at ibabaw.

### **Edukasyon sa Industriya**

Ang personal ng BASSET Training ay sususpindihin hanggang sa payagan ulit ito.

### **Ligal**

Sinuspinde ng ILCC ang pagsusuri sa mga Paghahabol ng Lokal na Komisyon sa Pagkontrol ng Alak hanggang sa payagan ulit ito. Mangyaring sumangguni sa seksyon 235 ILCS 5/7-9 ng Lokal na Komisyon sa Pagkontrol ng Alak ng Illinois para sa patnubay ng mga paraan hanggang sa oras na ipagpatuloy ng Komisyon ang pagsusuri sa mga kaso ng Paghahabol. Ang mga bagong Paghahabol ay dapat i-file sa pamamagitan ng koreo.

Ang mga mapanghusgang pag-uusig para sa mga lisensyado na nakatanggap ng mga paglabag na nangangailangan ng Pre-Disciplinary Conferences, o Sale of Alcohol to a Minor (SAM) na mga paglabag ay isasagawa sa pamamagitan ng teleconference. Ang mga nasabing lisensyado ay aabisuhan sa kanilang **sapilitang pag-uusig** sa pamamagitan ng sumusunod na pamamaraan:

### **Ang paghuhusga - Pre-Disciplinary Conference/Sale of Alcohol to Minors**

1. Makakatanggap ang lisensyado ng kaugnay na email para sa pag-iskedyul sa Pre-Disciplinary Conference/Sale of Alcohol to Minors Settlement Conference; AT

2. Tatawagan ng ILCC ang lisensyado upang hatulan ang sinasabing paglabag.
3. Bukod pa rito, magbibigay ang ILCC ng link para sa mga materyales ng pag-iwas ng mga menor de edad para sa mga lisensyado na hinatulan ng Sale of Alcohol to Minors na paglabag.

Sinusubaybayan namin nang mabuti ang sitwasyon at ini-inform ang mga lisensyado sa pamamagitan ng aming website, social media, at pahayagan ng ILCC. Mangyaring i-email ang lahat ng mga pangkalahatang katanungan sa [ILCC@illinois.gov](mailto:ILCC@illinois.gov) o sumangguni sa Advisory Opinion Request Form sa online para sa anumang mga katanungan ukol sa patakaran sa alak. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa aming tanggapan sa 312.814.2206.

### **Mga Pagpupulong ng Liquor Control Commission Board (Abril 14, 2020)**

Alinsunod sa Kautusang Tagapagpaganap 2020-10 ng Gobernador bilang tugon sa COVID-19, ang mga pagpupulong ng Lokal na Komisyon sa Pagkontrol ng Alak ng Illinois ay ipagpapaliban hanggang sa itaas ang Proklamasyon para sa Sakuna. Para sa mga katanungan, o mga alalahanin, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa [ILCC@Illinois.gov](mailto:ILCC@Illinois.gov)